# Midya: Imbakan at Daluyan ng mga Tradisyon / *Media: Vessel and Channel of Traditions*

Ferdinand D. Dagmang♦

**Abstrak**
Tinatalakay sa papel na ito ang mga bagay na lumilitaw sa proseso ng pag-uugnay ng "midya noon" at "midya ngayon". Tinitingnan ang uri ng midya noong panahon ni San Pablo Apostol sa pamamagitan ng kanyang sulat, ang 2 Thess 2:15. Dito ay sinusuri 1) kung anong uri ng pakikipag-ugnayan o komunikasyon ang sinasaad ng teksto, 2) ang ilang uri ng midya, 3) ang hayag na mensahe, at 4) ang mga pahiwatig na nasa likod ng midya at sa likod ng mga tao/lipunan. Pagkatapos, ang mga aral na mapupulot sa 2 Thess 2:15 ay inilapit/inihambing sa mga uri ng midya sa ating panahon—kagaya ng *print*, radyo, TV, sine, at ang "new media." Ang pag-uugnay ng "midya noon" at ng "midya ngayon" ay isang paghaharap ng dalawang kuwento na maaaring magsilbing mga "salamin" para sa ating panahon. Ang nananalamin sa gitna ng dalawang "salamin" ay mabibigyan ng pagkakataon na maaninag ang ilang mga bagay sa kanyang harapan at likuran—mga bagay na hindi natin masusulyapan kung wala ang mga "salamin." Hindi lamang ito gawaing paghahambing; ito ay isang paraan ng pag-dalumat sa mga bagay-bagay noon at ngayon. Ang ganitong pamamaraan ay inaasahang makakapagbigay ng dagdag na kaalaman tungkol sa lipunan, tradisyon, at midya.

**Mga susing salita**: Midya • San Pablo Apostol • Tradisyon • Lipunan • *Adelphoi*

**Abstract**
This paper discusses some issues raised through the process of

♦ Dr. Ferdinand D. Dagmang is a Professorial Lecturer at Ateneo de Manila University and Maryhill School of Theology. His current researches deal with Basic Ecclesial Communities, popular religion, ethics, sexuality, and the effects of structures/systems on theories and practices. His book/final report on *Basic Ecclesial Communities: An Evaluation of the Implementation of PCP II in Ten Parishes,* was released in 2015.

DOI: https://doi.org/10.67641/mstr.v19i2.611
*MST Review* 19, no. 2 (2017): 43-63

correlating the various "then" and "now" media. It does this by viewing the type of media in St. Paul's time. Through his letter, 2 Thess 2:15, this study looks into 1) the kind of interaction or communication in the text; 2) the kinds of media found in the text; 3) the explicit message; and 4) the implicit message behind the media and behind the society of his time. Thereafter, the lessons learned in 2 Thess 2:15 are associated with the present-day media types—such as print, radio, TV, movie, and "new media." The viewing of the "then" and "now" media is a way of recreating "mirrors" for our day. The reflections afforded by the two "mirrors" can provide opportunity to visualize some foreground and background elements—things that we cannot glimpse without these two "mirrors." This is not just a comparative process; it is a way of analyzing things through the "then and now." This methodology is expected to provide more knowledge about society, tradition, and media.

**Keywords:** Media • St. Paul the Apostle • Tradition • Society • *Adelphoi*

## Panimula

Sa ating panahon, ang midya ay nauungkat kapag ang paksang pag-uusap at ugnayan (komunikasyon) ay tinatalakay. Bilang imbakan at daluyan ng impormasyon o kabatiran, ang midya ang nag-uugnay sa naghahatid (*sender*) ng mensahe at tumatanggap (*receiver*) nito. Kaya naman natatalakay sa usaping midya ang mga sumusunod: 1) ang mga uri ng pakikipag-ugnayan o komunikasyon, 2) ang ibat-ibang uri ng midya bilang imbakan at daluyan ng impormasyon, 3) ang hayag na impormasyon o nilalaman na mensahe ng komunikasyon, at 4) ang pahiwatig o di-hayag na mensahe na nasa likod ng midya at sa likod ng mga tao o institusyon na gumagamit ng midya.

Noong unang panahon (sa panahon ng pagsusulat ng mga Kristiyanong Kasulatan [mula 50 hanggang 150 CE]), simple lang ang usaping ugnayan na kung saan

ang gamit ay ang mga payak na uri ng midya para sa proseso ng komunikasyon. Ang mga sulat ni San Pablo Apostol ay puno ng mensahe, uri ng mensahe, at ng pakikipag-ugnayan na gamit ang ilang uri ng payak na midya. Sa mga sulat ay matutukoy ang mga bagay na gusto niyang iparating sa mga itinatag niyang *ekklesia* (nabuong pamayanang tumugon sa tawag ni Hesus) at ang ilang paraang gamit niya sa komunikasyon. Maari ding pag-usapan ang hindi gaanong hayag na mensahe kagaya ng mga nasa likod ng mga binabanggit niya at ang nasa likod ng mga uri ng midya na kanyang ginamit.

Sa pamamagitan ng 2 Thess 2:15, na naglalarawan ng ilang uri ng komunikasyon at pag-gamit ng midya ni San Pablo, tatalakayin ko sa papel na ito 1) kung anong klase ng pakikipag-ugnayan o komunikasyon ang sinasaad ng teksto, 2) ang ilang uri ng midya, 3) ang hayag na mensahe, at 4) ang mga pahiwatig na nasa likod ng midya at sa likod ng mga tao/lipunan sa panahon ni San Pablo Apostol. Sisikapin kong makabuo ng isang malawak na tingin sa mga paksang nabanggit. Sa ganitong paraan, ang pagtingin ng midya sa panahon ni San Pablo Apostol ay hindi nakahiwalay sa kanyang mundong ginagalawan.

Pagkatapos, ang mga aral na mapupulot sa 2 Thess 2:15 ay aking ilalapit/ihaharap sa mga uri ng midya sa ating panahon—kagaya ng print, radyo, TV, sine, at ang “new media” (bagong paraan ng komunikasyon na gamit ang mga digital na teknolohiya tulad ng Internet). Ang pag-uugnay ng midya “noon” at ng midya “ngayon” ay isang pag-uugnay ng dalawang kuwento na maaaring magiging mga “salamin” para sa atin. Ang nananalamin sa gitna ng dalawang “salamin” ay mabibigyan ng pagkakataon na maaninag ang ilang mga bagay sa kanyang harapan at likuran—mga bagay na hindi natin masusulyapan kung wala ang mga “salamin.” Sa gayon,

ang bawat salamin ay magbibigay ng kanya-kanyang "aninag" sa midya "noon" at midya "ngayon". Isa itong proseso o gawain kagaya ng pag-kilala sa mga ninuno (noon) para lalong maintindihan ang mga kabataan (ngayon); at ang mas malalim na pagkakilala sa mga kabataan ay isang paraan din para lalong makilatis o mapahalagahan ang mga katangian ng mga ninuno. Hindi lamang ito gawaing paghahambing; ito ay isang paraan ng pag-dalumat sa mga bagay-bagay noon at ngayon. Ang ganitong metodolohiya ay inaasahang makakapagbigay ng dagdag na kaalaman tungkol sa Tradisyong Kristiyanismo at midya.

## 2 Thessalonians 2:15

Ang teksto ng 2 Thessalonians 2:15 ay naghahamon ng pagpapakatatag at naghahatid ng masidhing paalala/pangaral: na dapat ay panghawakan ng taga-Thessalonika ang mga τάς παραδόσεις (mga tradisyon) na itinuro nila San Pablo sa pamamagitan ng salita o ng sulat.

Ito ay napapaloob sa konteksto ng pagpapatibay ng pananampalataya at pagpapaalala ni San Pablo (sa kanyang mga tinatawag na mga "kapatid" na nasa sambayanang-Kristiyano ng Thessalonika) na huwag makinig sa mga nagpapaniwala sa agarang *parousia* (muling pagbabalik) ni Hesukristo. Sinabi niyang mas mahalaga ang maging matatag sa pagpapakabuti habang naghihintay ng "muling pagbabalik." Ipinaramdam din ni San Pablo na mahalaga sila sa paningin ng Diyos na siyang magkakaloob ng tunay na σωτηρία (soteria; kagalingan, kalayaan, o katuparan ng buhay; *rescue, bailout, salvation*).

Sa orihinal na Griyego:

([13] Ἡμεῖς δὲ ὀφείλομεν εὐχαριστεῖν τῷ θεῷ πάντοτε περὶ ὑμῶν, ἀδελφοὶ ἠγαπημένοι ὑπὸ κυρίου, ὅτι εἵλατο ὑμᾶς ὁ θεὸς

ᒥ ἀπαρχὴν εἰς σωτηρίαν ἐν ἁγιασμῷ πνεύματος καὶ πίστει ληθείας, [14] εἰς ᒥὃ ἐκάλεσεν ὑμᾶς διὰ τοῦ εὐαγγ ελίου ἡμῶν, εἰς

περιποίησιν δόξης τοῦ κυρίου ἡμῶν Ἰησοῦ Χριστοῦ.) [15] **Ἄρα οὖν, ἀδελφοί, στήκετε, καὶ κρατεῖτε τὰς παραδόσεις ἃς ἐδιδάχθητε εἴτε διὰ λόγου εἴτε δι' ἐπιστολῆς ἡμῶν.**

| **Transliteration** | **Greek** | **English** |
|---|---|---|
| Ara | Ἄρα | So |
| oun | οὖν | then, |
| adelphoi | ἀδελφοί | brothers, |
| stēkete | στήκετε | stand firm, |
| kai | καὶ | and |
| krateite | κρατεῖτε | hold fast |
| tas | τὰς | to the |
| paradoseis | παραδόσεις | Traditions |
| has | ἃς | which |
| edidachthēte | ἐδιδάχθητε | you were taught, |
| eite | εἴτε | whether |
| dia | διὰ | by |
| logou | λόγου | word, |
| eite | εἴτε | or |
| di' | δι' | by |
| epistolēs | ἐπιστολῆς | letter |
| hēmōn | ἡμῶν | from us. |

Salin ng Griyego sa Ingles (*New American Bible*):

(13But we are bound to always give thanks to God for you, brothers loved by the Lord, because God chose you from the beginning for salvation through sanctification of the Spirit and belief in the truth; 14to which he called you through our Good News, for the obtaining of the glory of our Lord Jesus Christ.) **15So then, brothers, stand firm, and hold the traditions which you were taught by us, whether by word, or by letter**.

Salin ng Griyego sa Tagalog (*Magandang Balita Bibliya*):

**15Kaya nga mga kapatid, manatili kayong matatag sa mga katotohanang itinuro namin sa inyo, maging sa salita o sa sulat.**

Ang salin sa Ingles ay mas matapat sa orihinal na Griyego kaysa sa salin sa Tagalog na nagpabago sa kahulugan ng κρατεῖτε τάς παραδόσεις; sa halip na ang salin ay "panghawakan ang mga tradisyon", ginawa itong "matatag sa mga katotohanan"—nawala ang salitang "panghawakan". Mas malawak at masiksik naman ang ibig sabihin ng τάς παραδόσεις kaysa salin na "katotohanan". Tungkol sa usaping *midya*, nakasaad sa v. 15 ang dalawang paraan ng komunikasyon: sa salita (διὰ λόγου) at sa sulat (δι' ἐπιστολῆς).

Tatalakayin ko muna ang uri ng pakikipag-ugnayan na nasa likod ng teksto. Mahalaga ito upang mas maunawaan ang mundong ginagalawan ni San Pablo at ng taga-Thessalonika nang sa gayon ay maging mas malinaw sa atin ang kahulugang nakapaloob sa 2 Thess 2:15.

## Ang Uri ng Pakikipag-ugnayan o Komunikasyon na nasa likod ng teksto

Sa panahon ni San Pablo Apostol (c.5–c.67 CE), ang mga paraan ng pakikipag-ugnayan o komunikasyon ay ang harapang pakikipag-usap (pasalita; *orality*)[1] at pagsusulat (pasulat; *textuality*).[2] Ang harapang pakikipag-ugnayan ang *karaniwang* paraan para maiparating ang mga mensahe. Mabisa ito sa isang malapitan na pakikipag-ugnayan sa mga kausap (kapamilya, kapuso, kaibigan, kamag-anak, kaut-utang dila, kakilala, ka-debate, kalaro, kainuman, katsis-misan, atbp.) at ito rin ang paraan kung 1) ang pag-uusap ay di kailangan ng binabasang sulat, 2) kung ang mga kausap ay hindi pa marunong bumasa/ sumulat, 3) ang pinag-uusapan ay hindi pa naisusulat at bahagi pa ng *oral tradition*, at 4) nagkakaintindihan ang magkausap. Noong nag-misyon si San Pablo sa mga *Jews* at *Gentiles* ay *harapan at pasalita* ang kanyang paraan; gamit din niya ang wika ng kanyang mga kausap.

Gumamit din si San Pablo ng sulat (επιστολή; epistole) upang ang hindi niya kayang sabihin ng harapan ay maiparating niya sa mga malalayong sambayanang-Kristiyano. Sa ganitong pananaw, ang sulat ay isa sa mga midya na nagdudugtong (*extend*) sa kakayahan ng katawan o kakayahan ng tao. Dahil sa sulat bilang dugtong sa isipan at salita ay naiparating ni San Pablo sa taga-Thessalonika ang kanyang mensahe.[3]

---

[1] Tingnan, Walter Ong, *Orality and Literacy: The Technologizing of the Word*, 2nd ed. (New York: Routledge, 2002).

[2] Tingnan, David M. Carr, *Writing on the Tablet of the Heart Origins of Scripture and Literature* (Oxford: Oxford University Press, 2005); Seth L. Sanders, ed., *Margins of Writing, Origins of Cultures* (Chicago: University of Chicago, 2006).

[3] Tingnan, Joanna Dewey, ed., *Semeia 65: Orality and Textuality in Early Christian Literature* (Atlanta, GA: Scholars Press, 1995).

Griyegong lengwahe ang gamit niya sa kanyang pagsusulat na ang isang ibig sabihin ay mataas ang pinag-aralan at malawak ang iniikutan ni San Pablo. Kahit na ang ibang mga kultura ay gumagamit pa rin ng mga *tablet* na gawa sa luwad (*clay*) o iba pang material kagaya ng bato (*stele*), kahoy, dahon o kawayan, ang papel o *parchment* ay karaniwan nang gamit para sumulat si San Pablo sa kanyang mga kaibigan at kakilala. Malayo-layo na rin ang nararating ng mga mensahe niya kahit na mga sinaunang mensahero lang ang nagdadala ng sulat at hindi ang LBC o FedEx.

Samakatuwid, ang kahulugan ng midya sa panahon ni San Pablo ay lubhang payak o simple pa. Tumutukoy pa lamang ito sa gamit na salita/wika at sa papel/*parchment* na ang gamit panulat ay brutsa o panulat na yari sa tambo, balahibo, o sinulid. Ang direktang mensahe at ang mensaheng pahiwatig ng midya at ng mga gumagamit nito ay hindi pa rin gaano masalimuot.

Sa orality o harapang komunikasyon, ipinapalagay ang 1) ugnayan na malapitan, 2) ang dati nang kaugnayan ng magkausap (malayo man o malapit na kaugnayan), at 3) ang pagkakaintindihan/pagkaka-unawaan ng nag-uusap.

Mas pangkaraniwan ang harapang komunikasyon na nagaganap sa magkakilala, magkaibigan, kapit-bahay, kamag-anak, ka-kultura, o 'di kaya'y kasama sa isang asosasyon kagaya ng sa relihiyon. Ang midya na maaring tukuyin sa ganitong harapang komunikasyon ay ang wika o lengwahe ng magkausap. Kung tutuusin, walang ibang pumapagitna sa nag-uusap kundi ang kanilang wika o lengguwaheng nakasanayan. Sa ganitong pagtingin, ang wika ay isang uri ng midya—isang matandang uri ng midya na imbakan at daluyan din ng kamalayan o kaalaman.

Sa isang harapan at malapitang pag-uusap, walang gamit ng makabagong *dinesenyong-midya* na pumapagitna dahil hindi ito kailangan. May pagkakaunawaan ang nag-uusap at ang kanilang wika ay panlahat o pambayan at matatawag na *likas/katutubong-midya*. Nagkakakitaan ang nagsasalita at ang nakikinig; ang mga emosyon, disposisyon, at gawi ng dalawa ay maaring alam at damdam nila pareho. Mas maraming naunawaan (dagdag na pang-unawa) sa mga salita kapag nakikita ang mukha o kumpas ng katawan at naririnig ang boses ng kausap. Sa mga Pilipino, ang isang paligoy-ligoy na paraan ay normal lang dahil may lugar ito sa usapan o ugnayan. Hindi ka pwedeng maging prangka kaagad kapag ikaw ay nangungutang ng pera dahil kailangan mong tantiyahin kung handa na o hindi pa handa ang iyong uutangan. Kaya naman, sa harapang pag-uusap ay kailangan ang dati nang pagkakaunawaan—na ang lengwahe at gawi ng nakikinig ay lengwahe rin at gawi ng nagsasalita. Kung wala o mahina ang basehan ng pagkakaunawan—kagaya ng dalawang taong magkaiba ang wika o kultura—ang komunikasyon ay magiging masalimuot, kahit na may katabi kang taga-salin o *interpreter*. Hindi naiintindihan ng mga prangkang Amerikano o umaastang Amerikano ang gawi nating paligoy-ligoy dahil hindi naman natin sila ka-kultura o hindi sila lubos na babad sa ating kaalamang bayan—para sa kanila, ang paligoy-ligoy ay isang kahinaan at hindi kakayahan. Sa parte ni San Pablo at ng mga Thessalonian, ang wikang Griyego at ang kulturang Griyego-Romano ang namamayani.[4] Nagkakaunawaan sila dahil sa kanilang iisang lengwahe at kultura na saloobin din ni San Pablo.

---

[4] Tingnan, Ben Holdsworth, "The Thessalonian Letters: The Greco-Roman Context," https://spectrummagazine.org/article/benholdsworth/2012/07/17/thessalonian-letters-greco-roman-context, accessed 6 January 2018.

## Ang uri ng midya

Kung ang ibig sabihin ng midya ay imbakan at daluyan ng kamalayan o kaalaman para sa komunikasyon, ang wika—bilang imbakan din at daluyan ng kamalayan o kaalaman—ay masasabi nating isang uri din ng midya (nabanggit na ito sa itaas bilang *likas-midya*). Pero kung ang pagbabasehan ng midya ay ang modernong kahulugan bilang mga gamit ng komunikasyon, ang midya ay tumutukoy sa makabagong *dinesenyong-midya* kagaya ng print, radio, TV, sine, at "new media".

Ang wika/lengguwahe bilang likas-katutubong-midya ay mga *signs* o tanda ng impormasyon na nakaimbak at dumadaloy sa dinesenyong-midya. Kaya kung pansinin natin, napapaloob din sa dinesenyong-midya ang mas matandang uri ng likas-midya na lengguwahe o signs (σημείο).

Hindi simple ang usaping midya dahil hindi na rin simple ang buhay at sitwasyon ng mga tao sa ating panahon. Sa isang makalumang panahon o sitwasyon na wala pang radyo o telepono, simple lang ang ugnayan at malimit ay magkaharap ang nag-uusap. Sa malayuang pakikipag-ugnayan ang kailangan naman ay isang pasabing-mensahe lang o 'di kaya'y sulat. Mahirap ding magpadala noon ng sulat. At kapag nagpapadala ng sulat, ang ibig sabihin ay marunong magbasa at magsulat ang nagpapadala at pinapadalhan.

Sa panahon ngayon, ang *midya* ay may kinalaman din sa mga gamit ng komunikasyon at sa mga tao o institusyon (kaharap man o hindi kaharap) na nais magbigay o magpalaganap ng mensahe gamit ang midya. Ang mensahe, ang gamit/midya, at gumagamit ay magka-ugnay; dapat ay makikita ang kabuuang kuwento ng mensahe-gamit-gumagamit kapag naririnig

o nababasa natin ang katagang midya. Samakatuwid, sa bawat usaping midya, hindi dapat pinaghihiwalay ang kuwento sa likod ng midya at ang kabuuang kuwento ng tao o institusyong nagpaparating ng mensahe.

May tinatawag na "mass media" na binubuo ng titik, radyo, at TV para marating ang maraming tao at sa "new media" na ang karaniwang plataporma ay ang internet. Sa "mass media" at "new media" mapapansin ang mga makabagong gamit at daluyan ng mga impormasyon. Malimit ay hindi kaharap ang nagpaparating ng mensahe, naipaparating din ng mas mabilisan ang mensahe sa malalayong lugar. Sa "mass media," ang mga tumatanggap ng mensahe ay malimit mga *consumers* at walang pagkakataong makausap ang mga lumikha ng *article* o kuwento sa radyo o TV. Sa "new media," maraming pagkakataon na magbigay ng kanyang sariling opinyon ang mga nakakabasa ng mensahe; ang isang ibig sabihin din nito ay kaya niyang bumili ng computer, o iPad, o di kaya'y *smart phone.*

## Ang hayag at di-hayag na mga mensahe ng 2 Thes 2:15

> 15Ἄρα οὖν ἀδελφοί στήκετε καὶ κρατεῖτε τὰς παραδόσεις ἃς ἐδιδάχθητε εἴτε διὰ λόγου εἴτε δι' ἐπιστολῆς ἡμῶν. (15So then, brothers, stand firm, and hold the traditions which you were taught by us, whether by word, or by letter.)

May ilang hayag na mensahe sa v. 15. Una, ang tawag ni San Pablo sa mga ka-ugnay na Thessalonian ay mga αδελφοι (mga kapatid; singular, αδελφός); pangalawa, pinapalakas niya ang kanilang loob—"tumayo ng matatag" (στήκετε, *stekete;* pandiwa: στέκομαι); pangatlo, pinaalalahanan niya na pang-

hawakan nila ang kanyang mga itinuro; pang-apat, ang mga itinuro niya ay mga τάς παραδόσεις, at; panglima, nagturo siya sa kanila sa pamamagitan ng salita (likas-midya) at sulat (disenyong-midya). Bukod pa rito ay hayag din ang gamit na lengguwahe, ang Griyego.

Ang malapitang pakikipag-usap sa mga αδελφοι (kapatid) ay di kailangan ng pang-malayuang disenyong-midya kagaya ng sine, radyo, at TV o *internet*. Ngunit kahit na nasa radyo o TV ka, kung mga αδελφοι ang kausap mo ay may halong init ng emosyon ang inyong ugnayan. Kumakaway ka o nagmu-mukhang-baliw kapag kapatid mo ang kaugnay gamit ang TV. Hindi ito kagaya ng nagbabalita ng *news* na dapat ay "poker face" ang lantad niyang mukha sa bayan na hindi niya mga αδελφοι. Hindi pwede ang "poker face" kapag nagkuwentuhan o nakikipag-ugnayan ka sa iyong mga αδελφοι. Parang hindi ka tunay na αδελφός kapag ang ipinapakita mo sa mga ka-*close* mo o malapit sa iyo ay mukhang bato o blangko. Puno ng likas-midya o emosyon kapag mga αδελφοι ang ating mga kausap. Hindi ito ibig sabihin na hindi maaring maging ka-*close* ang hindi kapatid. Malapit din tayo sa ating mga kaibigan; kung minsan nga ay mas malapit tayo sa kaibigan kaysa kapatid. Sa kapatid man o kaibigan, ang likas-midya (pasalita/orality) ang ating madalas na "gamit". Ang disenyong-midya ay ginagamit natin upang maiparating ang salita kapag malayo ang kausap, kapag gusto nating magparating ng mas detalyadong impormasyon o di kaya ay bumabati tayo sa kanila. Ito ang ginawa ni San Pablo noong siya ay nagpadala sa mga Thessalonian ng sulat. Sa harapan man o sa malayuan, αδελφοι pa rin sila para kay San Pablo—mga kaputol ng pusod-pananampalataya o malalapit sa kanyang puso.

Ang mensahe na dumaloy sa midya para sa taga-Thessalonika ay ang τάς παραδόσεις (mga tradisyon). Mas

maging maliwanag ang ibig sabihin ng τάς παραδόσεις kung balikan natin ang mga mensahe ni San Pablo sa 1 Thessalonians, ang iba niyang mga sulat, at ang iba pang teksto na bumabanggit sa katagang *paradosis*.

Bilang isang misyonero at kinikilalang pinuno, nagpapalakas ng loob si San Pablo sa kanyang mga αδελφοι. Nagbigay siya ng mga mensaheng nagpapatibay ng paniniwala at nagpapaalala sa mga dapat nilang gawin bilang mga magkakapatid sa pananampalataya (1 Thess). Nagtuturo din siya ng mga kaukulang τάς παραδόσεις na tumutukoy sa ibat-ibang pagtuturo tungkol sa buhay Kristiyano.

Ang παραδόσεις ay katagang ginamit din sa ibang bahagi ng Kristiyanong Bibliya (o Bagong Tipan). Mababasa ito sa mga sumusunod na teksto (pansinin na ang pangngalan ay παράδοση at ang pandiwang ugat ay παραδίδομαι; kapag binabanghay ito ay mag-iiba na ang baybay). Gamit ko ang Ingles na bersyon dahil ito ay salin mula sa orihinal na Griyegong Bibliya:

> 2 "Why do Your disciples break the tradition of the elders (Διὰ τί οἱ μαθηταί σου παραβαίνουσιν τὴν **παράδοσιν** τῶν πρεσβυτέρων)? For they do not wash their hands when they eat bread." 3 And He answered and said to them, "Why do you yourselves transgress the commandment of God for the sake of your tradition (διὰ τὴν **παράδοσιν** ὑμῶν)?" (Matthew 15:2-3)

> 6 he is not to honor his father or his mother.' And by this you invalidated (ακυρώσει) the word of God for the sake of your tradition (τὴν **παράδοσιν**). (Matthew 15:6)

> 3 For the Pharisees and all the Jews do not eat unless they carefully wash their hands, thus observing the traditions of the elders (κρατοῦντες τὴν **παράδοσιν** τῶν); (Mark 7:3)

[5] The Pharisees and the scribes asked Him, "Why do Your disciples not walk according to the tradition of the elders (κατὰ τὴν **παράδοσιν** τῶν πρεσβυτέρων), but eat their bread with impure hands?" (Mark 7:5)

[8] "Neglecting the commandment of God, you hold to the tradition of men (κρατεῖτε τὴν **παράδοσιν** τῶν ἀνθρώπων)." [9] He was also saying to them, "You are experts at setting aside the commandment of God in order to keep your tradition (ἵνα τὴν **παράδοσιν** ὑμῶν στήσητε)." (Mark 7:8-9)

[13] thus invalidating (ακυρώσει) the word of God by your tradition which (θεοῦ τῇ **παραδόσει** ὑμῶν ᾗ) you have handed down; and you do many things such as that." (Mark 7:13)

[2] Now I praise you because you remember me in everything and hold firmly to the traditions (ὑμῖν τὰς **παραδόσεις** κατέχετε), just as I delivered them to you. (1 Corinthians 11:2)

[14] and I was advancing in Judaism beyond many of my contemporaries among my countrymen, being more extremely zealous for my ancestral traditions (πατρικῶν μου **παραδόσεων**). (Galatians 1:14)

[8] See to it that no one takes you captive through philosophy and empty deception, according to the tradition of men (κατὰ τὴν **παράδοσιν** τῶν ἀνθρώπων), according to the elementary principles of the world, rather than according to Christ. (Colossians 2: 8)

[6] Now we command you, brethren, in the name of our Lord Jesus Christ, that you keep away from every brother who leads an unruly life and not according to the tradition which you received from us (κατὰ τὴν **παράδοσιν** ἣν παρελάβοσαν). (2 Thess 3:6)

For as much as you know that you were not

redeemed with corruptible things, as silver and gold, from your vain conversation received by tradition from your fathers (πατροπαραδόιου); (1 Peter 1:18)

Mula sa mga tekstong naihanay sa itaas, mayroon tayong mapapansin na tatlong uri ng paradosis: την παράδοσιν (ang tradisyon) ng mga matatandang nagtuturo (Scribes at Pharisees) sa panahon ni Hesus; την παράδοσιν ng mga karaniwang Hudyo; at ang τάς παραδόσεις (ang mga tradisyon) na pamana ni San Pablo sa mga αδελφοι. Iba-iba ang pagtatasa sa mga paradosis na ito. Negatibo ang kahulugan ng την παράδοσιν ng matatanda at ng mga karaniwang mamamayan kung ihambing ang positibong pagkilatis sa τάς παραδόσεις na pamana ng pananampalatayang Kristiyano ni San Pablo. Ang dalawang negatibong paradosis ay nagpapawalang-bisa (ακυρώσει) sa salita o mensahe ng Diyos; ang τάς παραδόσεις ni San Pablo ay maipagkakapuri dahil ito ay mga tradisyon na nagdudulot ng σωτηρία (soteria—*rescue, bailout, salvation*) na galing sa Diyos.

Kung palawakin pa ang ibig sabihin ng pamanang paradosis ni San Pablo ay maidagdag natin ang lahat ng kanyang mga pagtuturo bilang kapuri-puring τάς παραδόσεις: mga turo ng pagpapakatao tungo sa kabutihang asal, pagtutulungan, at pag-iwas sa masama (1 & 2 Thes); mga turo tungkol sa pagmamahal (1 Cor 13);[5] pagmamamahalan (agape) at pagtulong sa mga

---

[5] 1 Cor 13: 1-13: If I speak with the languages of men and of angels, but don't have love, I have become sounding brass, or a clanging cymbal. [2]If I have the gift of prophecy, and know all mysteries and all knowledge; and if I have all faith, so as to remove mountains, but don't have love, I am nothing. [3]If I dole out all my goods to feed the poor, and if I give my body to be burned, but don't have love, it profits me nothing. [4]Love is patient and is kind; love doesn't envy. Love doesn't brag, is not proud, [5]doesn't behave itself inappropriately, doesn't seek its own way, is not provoked, takes no account of evil; [6]doesn't rejoice in unrighteousness, but rejoices with the truth; [7]bears all things, believes all things, hopes all things,

naapi at mahihirap (Gal 5) at ang lahat ng katotohanang tungkol sa Mabuting Balita ni Hesukristo. Samakatuwid, ang mga negatibong paradosis ay Masamang Balita; ang τάς παραδόσεις ni San Pablo ay Mabuting Balita.

## Ang mga pahiwatig na nasa likod ng midya at sa likod ng mga tao/lipunan sa panahon ni San Pablo Apostol

Mahalaga rin sa usaping midya ang *pahiwatig* na nakadikit sa gamit (pahiwatig ng gamit) at *pahiwatig* na nakadikit sa gumagamit (pahiwatig ng gumagamit). Kahit na hindi ito hayag, ang *pahiwatig* ay kasama din sa nilalaman ng mensahe.

Noong unang panahon, kapag ang nagsusulat ay gumagamit ng papel na gawa sa papyrus, may pahiwatig ito na kaya niyang bumili ng papel na gawa sa Ehipto. Kung ang gamit naman ay isang *parchment* na gawa sa balat ng tupa o kambing, sinasabing maaaring taga Europa ang gumagamit nito.[6] Kapag

---

endures all things. [8]Love never fails. But where there are prophecies, they will be done away with. Where there are various languages, they will cease. Where there is knowledge, it will be done away with. [9]For we know in part, and we prophesy in part; [10]but when that which is complete has come, then that which is partial will be done away with. [11]When I was a child, I spoke as a child, I felt as a child, I thought as a child. Now that I have become a man, I have put away childish things. [12]For now we see in a mirror, dimly, but then face to face. Now I know in part, but then I will know fully, even as I was also fully known. [13]But now faith, hope, and love remain—these three. The greatest of these is love.

[6] Tingnan: Bruce M. Metzger, *Manuscripts of the Greek Bible: An Introduction to Greek Palaeography* (Oxford: Oxford University Press, 1991); Tom Thatcher, et al., eds. "Parchment/Vellum," in *The Dictionary of the Bible and Ancient Media* (London: Bloomsbury T&T Clark, 2017); Richard R. Johnson, "Ancient and Medieval Accounts of the "Invention" of Parchment," *California Studies in*

listahan ng paninda at presyo ang nakasulat, ang ibig sabihin ay gawa ito ng isang nagtitinda. Sa ating panahon, ang isang mamahaling Parker pen ay nagpapahiwatig din ng yaman; kapag ginagamit ito ng isang estudyante, ang pahiwatig ay marami siyang pera o anak siya ng isang mayaman o may kakaiba siyang panlasa pagdating sa gamit. Kapag ang isang *advertisement* naman ay pinalabas sa TV, alam natin na ang nag-aanunsiyo ay may kakayahang magbayad ng malaking halaga (halimbawa, 1 milyong piso bawat 30 segundo na *airtime*) — at ang halaga ng ibinayad ay isa nang pahiwatig na ang nag-aanunsiyo ay may *malaking interes* sa pera o di kaya'y sa isang posisyon na pinaglalabanan sa darating na eleksyon.

Dahil napakapayak ng dinesenyong-midya sa panahon ni San Pablo, ang pahiwatig ng gamit ng sulat ay hindi gaano masalimuot. Sa pagsusulat ang karaniwang gamit ay papel na gawa sa papyrus (sa rehiyon ng Ehipto) o balat ng tupa [parchment] o calf [vellum] (sa may rehiyon ng Europa) o silk (sa Tsina at mga karatig lugar).[7] Gumagamit din noon ng mga tablet na gawa sa luwad pero sa kaso ni San Pablo ay papel na ang gamit—maaring papel na gawa sa papyrus o sa balat ng hayop. Ginagamit ang mga materyales na ito kung may nililistang mahahalagang bagay (utang, pamanang ari-arian, panghuhula, kalendaryo, opisyal na komunikasyon ng mga pinuno, datos tungkol sa mga nasasakupan), kung may ipinaparating na mensahe sa ibat-ibang lugar (paalala, proklamasyon, balita, batas) o kapag nasa malayong lugar ang ka-ugnay (pagsusulatan).[8] Sa pag-gamit ni San Pablo ng sulat, napa-

---

*Classical Antiquity*, Vol. 3 (1970): 115-122.

[7] Tingnan si Seth L. Sanders, ed., *Margins of Writing* (Chicago: University of Chicago Press, 2006).

[8] Tingnan si Steven Roger Fischer, *A History of Writing* (London: Reaktion Books, 2001)

sama siya sa kuwento ng sulat-midya na ginagamit sa ibat-ibang dahilan. Kung tutuusin, ang sulat-midya ay isa ring bahagi ng mga tradisyon ng kultura ng mga tao (o kaugalian na maaring maihambing sa *paradosis* ng mga matatanda: *patroparadosis*) sa kanyang panahon. Kakaiba nga lang ang layunin ng kanyang pag-gamit ng sulat.

Si San Pablo ay hindi kagaya ng mga manghuhula, ng mga nag-kakalendaryo, ng mga namamahala ng bayan, o ng mga mananakop. Ginamit niya ang midya para sa pag-imbak at pagdaloy ng mga tradisyon ng Magandang Balita (ευαγγελιον); ginamit din niya ito para lalong makatulong sa kanyang mga αδελφοι. Hindi siya nabihag ng mga taong iba ang layunin sa pag-gamit ng midya—mga taong walang balak makipag-ugnayan bilang mga αδελφοι kundi bilang mga taong nag-iimbak ng kayamanan o nagpaparating ng kanilang pansariling interes.

Pagpasok ng modernong panahon, naparaming gamit na ang sulat o pagsusulat (kasama na ang *print media*)—napakarami na ring pahiwatig ito na nakakabit sa mga tao o institusyon na gumagamit ng print-midya. Kung titingnan ang ating paligid ngayon, ang print midya ay nakakabit na nang husto sa isang napakalawak na kultura na maaring tawaging kultura ng negosyo at hanapbuhay. Dito, ang print-midya ay may malawakang-gamit para kumita ng pera (mang-gagawa ka man o negosyante). Samakatuwid and print-midya (at ang iba pang modernong dinesenyong-midya kagaya ng radyo at TV) ay kasama sa mga paradosis ng mga tao (την παράδοσιν των ανθρωπων) na maaring malayo o magpapawalang-bisa sa salita ng Diyos at Magandang Balita (ευαγγελιον) ni Hesus.

Dagdag pa rito ang sine (*motion picture*) na pinagtuunan din ng pansin ni Pope Pius XII sa kanyang ensiklikal para sa *mass communications,* ang *Miranda*

*prorsus* (September 8, 1957). Ang sine, radio, at TV (bilang mga kahanga-hangang imbensyon) ay may katangiang mag-brodkast ng tunog at larawan sa malayuang distansya. Hiniwalay ang mga ito ni Pope Pius XII sa print midya dahil sa mga katangian nitong gumamit ng mga mas makabagong imbensyon sa larangan ng komunikasyon. Malawakan (at malayuan) ang gamit ng lahat ng mga midya para sa mga negosyante at bahagi na ng παράδοσιν ng negosyo.

Ang radio, TV, sine, at "new media," ay may sarili ding kapangyarihang makapagbago ng ugali at galaw ng mga tao. Hindi lang ang mensahe na napapaloob sa midya ang mahalagang tingnan kundi ang midya na rin mismo dahil ito ay may sarili na ring pumapalong mensahe (*the medium is the message*). Sa pakikinig natin ng balita o panonood ng tele-nobela, hindi lamang ang laman ng balita o kuwento ng tele-nobela ang ating mapapansin—makikita rin natin ang epekto ng TV mismo sa pagpuputol (*amputate*) ng ating mga dating kaugalian o kakayahan na mag-bonding na walang kaharap na TV. Kapag *blackout* ay kapansin-pansin ang pagbabalik natin sa dating ugaling kuwentuhan na hindi ginagambala ng TV o internet. Sa pagpasok natin ngayon sa internet gamit ang ating mga *smart phones*, tablets, laptops, at iPads, nagkaroon tayo ng maraming pagkakataon na madugtungan ang ating pangangailangan ng pansariling komunikasyon sa ating mga mahal sa buhay o di kaya'y sa mga hindi kilalang tao. Kaya lang, dahil sa labis na paggamit nito ay nabawasan din ang ating likas na kakayahang makipag-ugnayan na wala ang *electronic networks*. Hindi na natin naibibigay ang 100% na atensiyon sa ating kausap; ang ating pakikinig ay nahati-hati na ng mga ibat-ibang puwersa ng networks o websites o apps; ang ugnayan sa loob at labas ng tahanan ay hinihila at binabaltak ng kanya-kanyang hawak na cellphones, tablets, o laptops. Ang

nagdudugtong ng kakayahan ay siya ring nagpuputol ng kakayahan.

## Konklusyon

Ilang konklusyon at mga katanungan: paano natin maiwasan ang tradisyon ng negosyo kung ang gamit nating midya ay panay pang *long-distance* ang gamit at malimit ay para sa negosyo? May kakayahan ba ang isang *long-distance* na pakikipag-usap kung walang harapang pakikipag-ugnayan sa mga αδελφοι na kagaya ng ginawa ni San Pablo? Maiiwasan ba natin ang hindi mabitag o mabihag ng negosyo kung tayo ay bibili ng radyo, TV, computer, tablet, iPad o di kaya'y manonood ng sine? Hindi ba't nasa loob tayo ng mundong negosyo at lahat ng mga παράδοσιν na nasa mundong ito ay *may kakayahang* magpapawalang-bisa sa ευαγγελιον ni Hesus at τάς παραδόσεις ni San Pablo?

Tingnan na lang ang "new media" na kakaiba sa lahat: ito yong gamit ang internet at computer na kung saan nandoon ang Facebook, Twitter, Instagram, Google, Yahoo, Wikipedia, YouTube at marami pang iba. Lahat halos tayo na may kakayahang gumamit ng computer ay nagbabayad at gumagamit ng Google o Facebook. Baka hindi natin alam na bilyon-bilyong dolyares na negosyo ang mga ito at nagpapalaganap ng παράδοσιν na dikit sa komersiyo at pansariling mga interes (na hindi pang-adelphoi). At ang malungkot ay gamit natin ito lagi para marating natin ang mga kaibigan o kapatid na malalayo ang distansya sa atin. Maraming beses din natin itong ginagamit na pamalit/panghalili para sa harapang pakikipag-ugnayan—ngunit hindi talaga possible sa midyang ito ang hawak-kamay na ugnayan. O 'di kaya'y ang midya na ang naging mas mahalaga para sa isang pakikipag-ugnayan at hindi na ang ating mukha, mga paa, kamay, braso, at

dibdib na nakakapagbigay ng mas mainit na pakikipag-palagayang loob.

Para sa pagpapalawig pa ng ευαγγελιον ni Hesus at τάς παραδόσεις ni San Pablo Apostol, alalahanin natin na ang ugnayan ng mga αδελφοι ang mahalaga—isang ugnayang harapan at hindi kailangan ang pang-malayuang ugnayang-midya. Ang gamit ng sulat ay pumapangalawa lamang sa hakbang ni San Pablo—ang pangunahing ugnayan ay ang malapitan at harapan. Nagmisyon siya at bumuo ng mga sambayanang-Kristiyano—sa pamamagitan ng pangunahing puso-sa-pusong pakikipag-ugnayan. Kung hindi maiiwasan dahil maaring OFW ang kausap o magkalayo ang nag-uusap, nakakalungkot tingnan na ang midya ay isa nang gamit na nagtatanghal ng komunikasyong hindi harapan at hindi lubos ang puso-sa-pusong ugnayan.